Ayon kay Abe Hurayrah,sa isang salaysay;Ay nagsabi; ((Katotohanan kay Allah,na sa Kanya ay may Siyamput-siyam na Pangalan,Walang makakasa-ulo nito sa isa (sa inyo) maliban sa makakapasok ng Paraiso,At Siya ay Gansal,niibig Niya ang Gansal)) Isinaysay ito ni Imam Al-Bukharie

Ayon kay Abe Hurayrah,sa isang salaysay;Ay nagsabi; ((Katotohanan kay Allah,na sa Kanya ay may Siyamput-siyam na Pangalan,Walang makakasa-ulo nito sa isa (sa inyo) maliban sa makakapasok ng Paraiso,At Siya ay Gansal,niibig Niya ang Gansal))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Katotohanan kay Allah,na sa Kanya ay may Siyamput-siyam na Pangalan,Walang makakasa-ulo nito sa isa (sa inyo) maliban sa makakapasok ng Paraiso,At ang ipinapahiwatig sa pagsasa-ulo,ay ang pagbabasa sa nakikita ng puso,at sinasabi ay: Ang kahulugan nito ay: Ang pananampalataya rito,at ang pagsasagawa rito,At ang pananampalataya sa kahulugan ng lahat ng Kanyang Pangalan,At sa Hadith na ito,Ay Pagpapatunay sa (lahat nitong) Pangalan,at wala ritong pagtatanggi,maliban sa kung ano ang Naidag-dag rito,At Katotohanan,kaya dumating ang pagpapa-iba sa mga Pangalang ito,dahil ito ang Pinaka-tanyag sa Kanyang mga Pangalan,at may pinaka-maliwanag na Kahulugan,at ito ay dahil sa antas ng pananalita mo: Tunay na si Zaid ay may isang-daan na dirham,itinatalaga niya para sa pagkawang-gawa,Hindi ito nagpapatunay na hindi siya nagmamay-ari ng mga Dirham na mas-marami pa,doon.Datapuwat ito ay nagpapatunay na ang itinalaga niyang ito ay para lang sa kawang-gawa,at pinapatunayan sa pagbibigay kahulugan na ito,Ang Hadith ni Ibn Masūd; ((Humuhiling ako sa lahat ng Pangalan na ito at Sa Iyo,Ipinangalan Mo ito sa Sarili Mo,O ibinaba Mo ito sa Aklat Mo,o itinuro Mo ito sa isa sa mga likha Mo,o itinago Mo ito sa karunungan ng Lingid sa Iyo)),At ito ay nagpapatunay na si Allah ay nagtataglay ng Pangalan na hindi niya ibinaba sa Aklat nito.Ginawa Niya itong lingid sa kanyang mga likha.((At siya ay Gansal)) ibig sabihin ay : Si Allah ay Nag-iisa at wala siyang katambal ((Iniibig Niya ang Gansal)) ibig sabihin ay: Binibigyan Niya ng mas higit ng Pagpapahalaga-sa mga Gawaing(pagsamba) at sa karamihan ng pananampalataya,Kung-kaya't Ginawa ng Allah ang (nilang) ng pagdarasal na Lima,at ang Tawāf ay Pito,At ginawa Niyang (Sunnah)Ang Tatluhan sa karamihan ng Gawain,At nilikha Niya ang Kalangitan na Pito,at ang Kalupaan ay pito,at iba pa rito